## Mga mapagkukunan na makakatulong sa pagsagot sa gastos sa mga pagpapabuti

**Mga Gawad para sa Pag-alis ng Hadlang sa Paggamit para sa may Kapansanan**
Maaaring mag-apply ang maliliit na negosyo sa San Francisco para sa hanggang $10,000 upang matiyak na mas accessible ang iyong negosyo. Ma-reimburse para sa:

- Mga muwebles
- Mga ikinakabit na aksesorya
- Mga kagamitan
- Mga bayad sa permit
- Paggawa at mga materyales
- Mga inspeksyon at ulat ng CASp

Alamin pa at mag-apply sa sf.gov/adagrant

**Mga kredito at bawas sa ibinabayad na buwis**
Siguraduhing sinasamantala mo ang benepisyo ng taunang Federal ADA Tax Credits and Deductions (Mga Pederal na Kredito ng Buwis at Bawas sa Ibinibayad na Buwis Hinggil sa ADA) na makukuha mo para sa mga accessible na pagpapabuti na iyong ginagawa at hindi saklaw ng programang gawad.

- Hanggang $5,000 para sa kredito - Form 8826 (Disabled Access Credit o Kredito para sa Pag-access ng May Kapansanan)
- Hanggang $15,000 sa mga deduction - Publikasyon 535 "Business Expenses" ("Mga Gastos sa Negosyo") (bawas sa ibinabayad na buwis)

Ang Office of Small Business (Tanggapan para sa Maliit na Negosyo) ay ang pangunahing pinagkukunan ng impormasyon sa San Francisco para sa maliliit na negosyo. Makakatulong ang Office of Small Business sa mga permit, referral sa mga CASp, update hinggil sa mga batas, at marami pa.

415-554-6134    sfosb@sfgov.org

sf.gov/osb

## Kailangan ding maging accessible ang mga website at teknolohiya.

**Point of Sale**
Magagamit ba ng mga customer na hindi nakakakita at may malabong paningin ang iyong teknolohiyang Point of Sale (Lugar ng Pagbebenta)? Siguraduhing accessible ang iyong counter at device sa pagbabayad, tulad ng:

- 30” x 48” na malinis na espasyo sa harap ng device
- Mataas na contrast ng kulay
- Laki ng font na 3/16 pulgada o higit pa
- Kung makinis ang iyong mga touch screen, na walang anumang mga makakapang buton (tactile button), kailangang mayroon itong de-numerong keypad na may naka-umbok na tuldok sa numerong 5 na pindutan, o iba pang paraan para maiproseso ng isang taong may kahinaan ang paningin ang transaksyon nang may pagkapribado.

**Mga Website**
Ilang indibidwal na may mga kapansanan ang gumagamit ng assistive technology (nakakatulong na teknolohiya), tulad ng mga screen reader (nagsasalita na tagabasa sa screen), kapag sila ay naka-online. Kung hindi ka sigurado kung maa-access ang iyong website, bumisita sa wave.webaim.org. Ito ay isang libreng tool na magagamit mo para i-test ang iyong site.

*Nilalayon ang dokumentong ito bilang isang hindi pormal na pangkalahatang pananaw.*

*HINDI ito legal na payo at hindi nito pinapalitan ang propesyonal na gabay ng isang arkitekto, CASp, o abogadong may kaalaman sa mga regulasyong pederal, pang-estado, at lokal.*

*Huling ini-update noong Abril 2023*

**Ayon sa Department of Labor (Kagawaran ng Paggawa)*



# Isang gabay upang gawing mas accessible ang iyong maliit na negosyo

## Mabuti para sa negosyo ang pagiging accessible.

1 sa 10 taga-San Francisco ang nag-uulat ng kapansanan at sa Estados Unidos, ang mga taong may mga kapansanan ay may mahigit $175 Bilyon pagdating sa kakayahang gumasta.*

Alamin kung paano mapapabuti ang pagiging accessible (pagbibigay ng kakayahan sa mga may kapansanan na madaling makapunta sa negosyo), upang mapaglingkuran ang mga parokyanong may kapansanan at sumunod sa mga batas na lokal, pang-estado, at pederal.

SAN FRANCISCO OFFICE OF SMALL BUSINESS
a division of
SAN FRANCISCO OFFICE OF ECONOMIC & WORKFORCE DEVELOPMENT

# Maaaring komplikado ang mga patakaran at batas sa pagiging accessible, at narito kami para tumulong.

**Ang pangunahing pananaw**
Lahat ng negosyo sa Estados Unidos ay kailangang magbigay ng pantay na pag-access sa kanilang mga bagay na ibinibenta at serbisyo sa mga taong may kapansanan. Kilala ang mga batas na ito bilang ADA, o ang Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Ang California ay may mas marami pang patakaran para sa mga gusali. Sa San Francisco, ang programang "Accessible Business Entry" ("Madaling Pagpasok sa Negosyo") ay nakatuon sa pagtitiyak na ang bawat isa ay ligtas na makakapasok sa mga gusali.

**Nangungupahan o landlord?**
Kung inuupahan mo ang lokasyon, ikaw at ang iyong landlord (nagpapaupa) ay PAREHONG responsable sa kung accessible ang pasukan. Pag-aralan ang iyong lease (kontrata sa pag-upa): madalas ay inaatasan ng mga landlord ang mga nangungupahan na bayaran ang mga pagbabago sa iyong pinto, pag-alis ng baitang, o iba pang gawain.


Kailangan ding maging accessible ang loob ng iyong negosyo, at iyon ay responsibilidad ng may-ari ng negosyo. Kabilang dito ang mga banyo, mga service counter, mauupuan, at marami pa. Kung ang mga lugar na ito ay kasalukuyang hindi accessible, kailangan mong isaalang-alang ang mga alternatibong akomodasyon, tulad ng mga pag-order sa telepono o serbisyo sa curbside.

**May mga eksepsyon ba?**
Madalas ay wala. Kahit na luma o makasaysayan ang iyong gusali, lahat ng negosyo ay kailangang maging accessible. Gayon pa man, kailangan mo lang gawin ang trabahong "Readily achievable:" mga pagbabagong magagawa nang walang gaanong hirap o gastos. Maaari ka ring gumawa ng mga mas magastos na pagbabago sa pagdaan ng panahon. Hindi mo kailangang gawin ang lahat nang sabay-sabay, ngunit kailangan mo talaga ng plano at timeline.

## Isaalang-alang ang pinakamahahalagang bahagi ng iyong negosyo.


Narito ang ilan lamang sa mga dayagram, at hindi nito saklaw ang lahat. Maghanap ng karagdagang impormasyon sa sf.gov/osb/ada

Napakataas ng service counter para sa mga customer na nasa wheelchair






Maraming baitang sa pasukan




Walang buton na pipindutin para sa awtomatikong pint




Bar na may hindi maililipat na upuan sa nakataas na bar na walang masamang mas mababa at bukas na opsyon para sa mga parokyanong naka-wheelchair

Walang anumang espasyo para sa tuhod



Napakaliit ng banyo para makaikot ang wheelchair, at may nawawalang aksesorya at mahahawakang barandilya



**Humingi ng payo mula sa isang Certified Access Specialist (CASp, Sertipikadong Propesyonal para sa Pag-access)**
Ang pinakamahusay na paraan para matiyak na accessible ang iyong negosyo ay humingi ng payo mula sa isang propesyonal. Ang pakikipagtulungan sa isang CASp na inspektor ay makakatipid ka sa oras at pera, sa pamamagitan ng pag-alam ng ekstaktong kailangan mong gawin.
Maghanap ng listahan ng mga CASp na inspektor at mag-apply para sa gawad para masagot ang gastos sa sf.gov/osb/ada.